Kailangan ba ng aking anak ng ikalawang taon ng kindergarten?

Ang Gobyerno ng Victoria ay nagbibigay ng pondo para suportahan ang mga bata upang pumasok sa kindergarten sa taong bago sila magsimula ng paaralan.

Mahalagang magsimula ang mga bata ng paaralan kung handa na silang matuto sa isang mas pormal na kapaligiran. Dahil dito, importante para sa mga magulang na isaalang-alang kung kailan ang pinakamabuting panahon para sa kanilang anak na magsimula ng paaralan – sapagkat ito ang magtatakda nang pinakamabuting panahon para sa pagpasok sa kindergarten.

Maaaring pumasok ang isang bata para sa ikalawang taon ng kindergarten, kung natatasa ng guro na ang bata ay nagkakaroon ng pagkaantala sa dalawang saklaw man ng pag-unlad at siya ay makikinabang sa ikalawang taon sa kindergarten. Kasama sa mga saklaw na tinatasa ang pansarling pag-aalaga (self-care), ang kakayahang magsalita at/o maunawaan ang wika, pang-intelektuwal na pag-unlad (cognitive development), panlipunang pag-unlad (social development), at emosyonal na pag-unlad (emotional development). Ang iba pang mga kadahilanan ay maaari ring isaalang-alang.

Mayroong mga natatanging mga gabay para sa mga guro at mga magulang na susundin upang makilala ang mga pangangailangan ng bata at itaguyod ang naaakmang hangarin para sa bata. Kinakailangan ng situwasyon na ang magulang at ang guro ay makipagtrabaho nang mabuti at makipag-ugnayan nang tapat. Sa pagsang-ayon ng magulang at sa pagkonsulta sa magulang, tinatapos muna ng guro ang isang pagtatasa at, kung kinakailangan ay maaaring humanap ng suporta sa iba pang early development professionals (halimbawa, Preschool Field Officers) at pagkatapos ipadala ang deklarasyon ng eligibilidad sa rehional na opisina ng Departamento.

Tandaan

- Isiping mabuti kung ang inyong anak ay maaaring maging handa na sa pag-aaral, at gayun din kung kailan ang pinakamabuting panahon sa pagkakaroon ng isang karanasan sa kindergarten. Kung hindi kayo sigurado, makipag-usap sa iba na kilala ang inyong anak at ang pagpapasyang inyong pinagtitiwalaan.
- Dumalo sa kindergarten, o sa isang information session at magtanong tungkol sa kindergarten program.
- Bago at pagkatapos magsimula ng kindergarten program ang inyong anak, ibahagi ang inyong mga pag-aalala, mga kaisipan at mga ideya nang hayagan sa guro tungkol sa inyong anak.
- Kung kailangan ninyo ng paliwanag o karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang pinakamabuting panahon para sa pag-aaral ng inyong anak sa kindergarten, makipag-usap sa guro ng inyong anak, sa childcare coordinator o sa maternal at child health nurse.

A Victorian Government Initiative

Victoria The Place To Be

© Departamento de Educación y Desarrollo de la Primera Infancia, 2007